



**Paunawa ng Pampublikong Pagdinig
Pagsusuri ng mga Aplikasyon na Natanggap para sa 2024-2025 na Taunang
Planong Aksyon ng Community Development Block Grant (CDBG)**

Pampublikong Pagdinig #1.

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na ang Konseho ng Lungsod ng Milpitas ay magsasagawa ng isang Pampublikong Pagdinig sa regular na pulong ng Konseho ng Lungsod nang personal sa Chamber ng Konseho ng Lungsod sa City Hall, matatagpuan sa 455 E. Calaveras Blvd., Milpitas **sa Martes, Pebrero 6, 2024**, magsisimula sa o agad pagkaraan ng 7:00 p.m. Ang layunin ng Pampublikong Pagdinig ay talakayin ang mga aplikasyong natanggap para sa 2024-2025 na Taunang Planong Aksyon. Ang Pampublikong Pagdinig ay naglalayong magkaloob sa publiko at sa komunidad ng Milpitas ng pagkakataong magbigay ng komento ng publiko tungkol sa mga aplikasyon na mailalapat para sa pagpopondo ng CDBG Program.

ANG MGA INTERESADONG TAO AY MAAARING magbigay ng mga komento ng publiko sa panahon ng pampublikong pagdinig nang personal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga instruksyon na nakalista sa adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod o magsumite ng mga nakasulat na komento bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pagpapadala ng e-mail sa Klerk ng Lungsod sa cityclerk@milpitas.gov. Ang mga nakasulat na komento ay hindi babasahin sa pulong. Ang mga nakasulat na komento ay digital na ipamamahagi sa Konseho ng Lungsod at magiging bahagi ng pampublikong rekord ng pulong na ito.

Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan, ang Lungsod ng Milpitas ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang mapaglingkuran ang mga taong may kapansanan. Kung nangangailangan ka ng espesyal na akomodasyon, mangyaring kontakin ang Housing Team sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov.

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod
Petsa ng Publikasyon: Enero 19, 2024